**FILIPINO**
**4TH QUARTER**
**WEEK 8**
**GAWAIN 1**

Basahin ang teksto. Piliin ang letra na nagpapakita ng sumusuportang kaisipan.

1. Si Rea ay isang batang matulungin. Palagi siyang tumutulong sa kaniyang mga kapatid kapag may kailangan. Kapag dumarating ang kaniyang nanay galing palengke, dali-dali niya itong tinutulungan sa pagbubuhat ng mga dalahin. Kaya natutuwa sa kaniya ang kaniyang nanay. Ano ang sumusuportang kaisipan sa teksto?

A. Si Rea ay matulunging ate.

B. Si Rea ay palaging tumutulong sa kaniyang mga kapatid.

C. Natutuwa sa kaniya ang kaniyang nanay.

LIVEWORKSHEETS

2. Si Sonny ay sanay na sanay sa mga gawaing bahay. Sanay siya na magising nang maaga. Sanay siyang magligpit ng higaan. Sanay din siyang magluto ng sinangag sa umaga at bumili ng suman sa may labasan. Kaya naman siya'y ipinagmamalaki ng kaniyng pamilya.

A. Sanay na sanay si Sonny.

B. Sanay si Sonny sa mga gawaing bahay.

C. Sanay na sanay magluto ng sinangag sa umaga.

3. Bihasang-bihasa rin si Sonny na pumasok mag-isa. Sanay na sanay din siyang tumawid sa kalsada. Sanay din siyang gumawa ng asignatura. Hindi na nag-aalala ang Lola niya kapag siya ay pumapasok sa paaralan.

A. Sanay na sanay gumawa ng asignatura.

B. Hindi nag-aalala ang Lola niya sa kaniyang pagpasok sa paaralan.

C. Bihasang-bihasa na pumasok mag-isa.

LIVEWORKSHEETS

4. Tuwing hapon katulong ng guro si Sonny sa may halamanan. Bihasang-bihasa na siyang magwalis ng bakuran. Sanay na sanay din siyang magdilig ng halaman.

A. Tuwing hapon katulong ng guro si Sonny.

B. Sa halamanan siya'y sanay na sanay.

C. Sanay na magdilig at magwalis ng bakuran.

5. Masayang-masaya si Sonny pagsapit ng gabi. Palagi silang nagbubugtungan ng kaniyang lola. Bihasang-bihasa na rin siyang makinig sa kuwento ni lola.

A. Si Sonny ay masayang-masaya.

B. Sa pagsapit ng gabi lola niya ang kasama.

C. Bihasang-bihasa si Sonny na nagbubugtungan at nakikinig sa kuwento ni Lola.

Teacher Irma

LIVEWORKSHEETS